NEW GEN

# David at Jonatan

WEEK 2

## WARM-UP

- Ano ang pinakamagandang pampalakas ng loob na ibinigay o natanggap mo? Paano ito nakaapekto sa iyo o sa taong binigyan mo ng lakas ng loob?
- Isipin ang mga taong pinakamalapit sa iyo. Ano ang dahilan kung bakit sila naging mga taong maaasahan at mapagkakatiwalaan?
- May nagselos na ba sa iyo? Paano ka tumugon dito?

## WORD

[1]*Matapos makipag-usap ni David kay Saul, nakilala*
*niya ang anak nitong si Jonatan. Naging matalik silang*
*magkaibigan at mahal na mahal ni Jonatan si David gaya*
*ng pagmamahal niya sa kanyang sarili.* [2]*Mula noon, hindi*
*na pinauwi ni Saul si David sa kanilang bahay.* [3]*Sumumpa*
*si Jonatan kay David na magiging magkaibigan sila sa*
*habang panahon dahil mahal niya si David gaya ng*
*kanyang sarili.* **1 SAMUEL 18:1–3**

(Basahin din ang **1 SAMUEL 18:4–5.**)

Sa mga tagumpay at hamon sa buhay, nakakaramdam tayo ng kasiglahan o kalakasan kapag nakakatanggap tayo mula sa ibang tao ng mga pampalakas ng loob. Sa Bibliya, makikita natin ito sa pagitan ng pagkakaibigan nina David at Jonatan. Itinuturing nila ang isa't isa bilang malapit na magkaibigan at tapat sila sa isa't isa. Sa pagtugon natin sa tawag ng Diyos sa ating buhay, mahalagang makabuo tayo ng matitibay na ugnayan upang makatanggap tayo ng payo at karunungan galing sa mga nauna na sa atin at pati na rin ng kalakasan at pampatibay-loob mula sa mga nakakasama natin. Ngayong araw ay tingnan natin ang kahalagahan ng pagtulong sa iba na sumunod sa Diyos at ang pagsama rin sa mga taong tumutulong sa atin na sumunod din sa Diyos.

## 1 Maghanap ng mga taong mapapalakas mo ang loob at matutulungang mamuhay para sa Diyos.

*[3]Sumumpa si Jonatan kay David na magiging magkaibigan sila sa habang panahon dahil mahal niya si David gaya ng kanyang sarili. [4]At bilang patunay ng kanyang pangako, hinubad niya ang kanyang balabal at ibinigay kay David, kasama ang kanyang pamigkis, espada, pana at sinturon.* **1 SAMUEL 18:3–4**

Pagkatapos talunin ni David si Goliat ay nakitaan ni Jonatan, na anak ni Haring Saul, si David ng kadakilaan. Ibinigay niya ang kanyang balabal, pamigkis, at mga sandata kay David bilang tanda ng kanyang matinding respeto sa kanya. Nang ginamit ito ni David, kinilala siya ng mga Israelita bilang isa sa mga kinikilala ng isang miyembro ng maharlikang pamiliya. Hindi alam ni Jonatan na ang ginawa niyang ito sa kanilang pagkakaibigan ay magbibigay-daan upang matupad ni David ang tawag sa kanya na maging hari. Alam man natin o hindi ang tawag ng Diyos para sa ibang tao, dapat ay nakatuon sa ating isipan ang paghahanap ng mga taong palagi nating mahihikayat na mamuhay nang nagbibigay-karangalan sa Diyos. Matutulungan natin silang lumago sa kanilang pananampalataya sa pagbibigay natin sa kanila ng oras, pagsusumikap, o probisyon. May mga tao ka bang tinutulungan ngayon? Paano mo sila nagagabayan na maging mas tulad ni Cristo?

## 2 Sumama sa mga tao na makakatulong sa atin na isagawa ang tawag ng Diyos para sa ating mga buhay.

*Napagtagumpayan ni David ang lahat ng ipinagawa sa kanya ni Saul, kaya siya'y ginawa nitong pinuno ng buong hukbo. Nagustuhan ito ng mga mamamayan pati na rin ng mga opisyal ni Saul.* **1 SAMUEL 18:5**

Kahit na anak ni Haring Saul si Jonatan, ang kababaang-loob niya ay humantong sa magandang pagkakaibigan nila ni David. Sa halip na mainggit siya sa mga nagawa ni David tulad ng kanyang ama, ilang beses pa niyang tinulungan si David at binalaan pa siya tungkol sa mga panganib na maaaring manggaling kay Saul (1 Samuel 20). Malapit ang pagkakaibigan nila hanggang sa kamatayan ni Jonatan (2 Samuel 1:17–27). Buong buhay niya, pinalibutan ni David ang sarili niya ng mga mabubuting tao sa larangan ng pakikipaglaban at pamumuno. Sa pagsunod natin sa tawag ng Diyos sa ating mga buhay, kailangan nating palibutan ang sarili natin ng mga taong magpapalakas sa atin at aakay sa atin tungo sa Diyos. Sinu-sino ang mga taong nagtuturo sa iyo at naglalakbay kasama mo? Paano ka nila natutulungang isabuhay ang tawag ng Diyos sa buhay mo?

## APPLICATION

- Maliban sa halimbawa nina David at Jonatan, ano ang anyo ng maka-Diyos na pagkakaibigan? Ayon sa napag-usapan ngayong araw, ano ang dapat na pananaw mo sa pagkakaibigan?
- May mga tao ka bang nakakausap tungkol sa buhay mo at pinahihintulutan mong pagsabihan ka upang magawa mong mamuhay para sa Diyos? Paano ka makakabuo ng isang matatag na ugnayan sa kanila?
- Tinutulungan mo ba ang iba na mamuhay nang maka-Diyos? Kanino ka pwedeng makipag-ugnayan ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa regalo ng pagkakaibigan at sa pagpapadala ng mga taong maghihikayat sa iyo na mamuhay para sa Kanya.
- Hilingin sa Diyos na patuloy kang palibutan ng mga totoong kaibigan na makakatulong sa iyo na tuparin ang tawag ng Diyos. Ipanalangin na hindi ka magkumpara at sa halip ay magpalakas ng loob ng iba at maging biyaya sa mga nakapaligid sa iyo.
- Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos na maging mabuting kaibigan sa iba. Hilingin sa Diyos na protektahan ang iyong mga pagkakaibigan upang maakay mo ang iba sa Kanya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Josh Hernandez, Romeo Mercado

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.